



MGA SERYE NG PAGSAWATA SA KRIMEN NG KAPULISAN NG NSW

Pangalagaan ang iyong sasakyang-dagat

Kaligtasan ng sasakyang-dagat

Napakapalad natin sa New South Wales upang magkaroon ng ilan sa pinakamagandang mga daang-tubig sa mundo na malapit sa ating tinitirhan.

Naglililiwaliw man sa daungan, naglalayag sa lawa o nangingisda sa pampang, mahalagang nasa ayos ang iyong sasakyang-dagat.

Sa pamamagitan ng ilang karagdagang pag-iingat habang nakapugal (moored) sa marina, nakaparada sa iyong driveway o sa kalye; o kahit na sa iyong garahe, mababawasan mo nang husto ang posibilidad na matarget ng mga magnanakaw ang iyong sasakyang-dagat.

Dapat seryosohin ang seguridad ng iyong sasakyang-dagat gaya rin ng seguridad ng iyong bahay, kotse o motorsiklo. Ang ligtas na pagtatago ng mga susi, pagkakabit ng de-kalidad na mga kandado at tanikala at pagtatabi ng mga natatanggal na mahahalagang gamit ay maaaring makatulong upang maiwasang masira o manakaw ang iyong sasakyang-dagat.

Narito ang ilang mga simpleng hakbang upang maprotektahan nang mas mabuti ang iyong sasakyang-dagat:

Protektahan ang iyong sasakyang-dagat habang nakapugal (moored)

- **HUWAG NA HUWAG** iiwan o itatabi ang mga susi sa loob ng iyong sasakyang-dagat
- **LAGING** itabi nang mabuti at nang hindi nakikita ang mga kagamitan ng iyong sasakyang-dagat kapag hindi ito ginagamit
- **ISAALANG-ALANG** ang pag-upgrade ng iyong sasakyang-dagat sa pamamagitan ng de-kalidad na mga kandado, sistema ng alarma at talaan na tumutukoy sa mga katangian nito (mga serial number at mga litrato)

Protektahan ang sasakyang-dagat sa bahay

- **LAGING** gumamit ng mga kandadong de-kalidad o mga tanikala sa pagtatabi ng mga trailer
- **HUWAG NA HUWAG** iiwang nakikita ng ibang tao ang mahahalagang bagay tulad ng mga depth sounder at mga life jacket, kahit na nakaparada lamang sa bahay
- **LAGING** subukang pumarada sa isang lugar na sapat na naiilawan o matao

Protektahan ang iyong sarili kapag bumibili o nagbebenta ng sasakyang-dagat

- **HUWAG NA HUWAG** ipapatalastas ang eksaktong lokasyon kapag nagbebenta ng iyong sasakyang-dagat
- **LAGING** tingnan at itala ang anumang pagkakakilanlan ng potensyal na tagabenta
- **HUWAG NA HUWAG** hahayaan ang sinuman na subukang paandarin (test drive) ang iyong sasakyang-dagat nang walang namamahala
- **LAGING** suriin ang kalagayan ng sasakyang-dagat bago ka bumili sa pamamagitan ng pagbisita sa www.ppsr.gov.au/buying-boat

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa seguridad at kaligtasan ng sasakyang-dagat, mangyaring bisitahin ang pahinang pandagat ng www.police.nsw.gov.au o Roads and Maritime Services sa www.rms.nsw.gov.au

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa pagsawata sa krimen, bisitahin kami sa www.police.nsw.gov.au/safety-and-prevention

